Paano Susuportahan ang mga Batang May Espesyal na Kahirapan sa Pagkatuto sa Pagbasa at Pagsulat (Specific Learning Difficulties in Reading and Writing)
Kawanihan ng Edukasyon 2022

Panimula

Gusto palagi ng mga magulang na linangin ang talent ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagbibigay ng naaangkop na kapaligiran sa pamumuhay at pag-aaral. Para malinang sila na makamit ang tagumpay sa hinaharap. Ang pagbibigay ng maagang pagkilala at suporta ay nakakatulong sa mga batang may espesyal na pangangailangang pang-edukasyon (SEN) na makaangkop sa pang-araw-araw na buhay at kapaligiran sa pag-aaral, at magpapaunlad ng kanilang mga potensyal.

Ano ang 'espesyal na kahirapan sa pagkatuto (specific learning difficulties, SpLD) sa pagbasa at pagsulat'?

Ang SpLD sa pagbabasa at pagsusulat, na kilala rin bilang dyslexia, ay ang pinakakaraniwang uri ng SpLD. Ang mga batang may SpLD sa pagbabasa at pagsusulat, kahit pa mayroong normal na talino at pormal na karanasan sa karunungan, ay hindi nakakabasa, nakakabaybay at nakakadikta ng mga salita nang tumpak at matatas. Ang naturang mga kondisyon ay Malala at nagpapatuloy. Sa pangkalahatan, mayroon silang mas mahinang mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat at mas mahinang mga kakayahan sa pag-iisip na may kaugnayan sa pagbabasa at pagsusulat.

Mga katangian

- Mas mahusay na nakakapagpahayag sa pasalita kaysa sa nakasulat na paraan
- Hindi marunong bumasa ng matatas, madalas na mali ang pagbigkas ng mga salita o nakakalimutan ang mga bigkas
- Nahihirapan sa pagbabaybay/pagdidikta ng salita sa kabila ng malaking pagsisikap na matuto
- Kadalasan na nag-aalis ng mga stroke o magdagdag ng mga hindi kailangan kapag kumukopya ng mga Tsinong karakter
- Madaling mapagod at kailangan ng dagdag na pagsisikap para makapag-concentrate na makumpleto ang mga takdang-aralin sa pagbabasa at pagsusulat

Mga papel ng Magulang

Pinaghihinalaan ko na maaaring may SpLD sa pagbabasa at pagsusulat ang anak ko...

Makipag-ugnayan sa Coordinator ng mga may Espesyal na Pangangailangan sa Edukasyon (Special Educational Needs Coordinator, SENCO), guro ng klase, tauhan ng gabay ng mag-aaral o kawaning panlipunan ng paaralan. Ang mga guro ay magbibigay ng naaangkop na bagay upang matutunan ang mga pangangailangan sa karunungan ng bata, ang magsagawa ng naaangkop na pagtatasa upang makapagbigay ng tamang suporta ayon sa pangangailangan ng bata

Nasuri na may SpLD sa pagbabasa at pagsusulat ang anak ko…

Ang mga hadlang na dulot ng SpLD sa pagbabasa at pagsusulat sa kagkatuto ay nag-iiba sa bawat tao. Ang mga kahirapan sa karunungan ay hindi lamang sa antas ng ng pag-intindi sa wika ng isang batang may SpLD sa pagbabasa at pagsusulat, bagkus ay naaangkop rin ito sa kanilang mga personal na katangian, hal., likas na kakayahan, saloobin at pamamaraan sa pag-aaral, pati na rin ang mga panlabas na salik tulad ng mga kinakailangan sa kurikulum, paraan ng pagtuturo, suporta ng magulang at iba pa. Para

matulungan ang mga batang may SpLD sa pagbabasa at pagsusulat na malampasan ang mga hadlang sa pag-aaral, ang mga magulang ay dapat na…

Makipagtulungan sa paaralan para suportahan ang pag-aaral ng anak mo

- Kaagad at maagap na ibigay sa paaralan ang impormasyon ng SEN ng anak mo, hal., ulat ng pagtatasa
- Panatilihin ang komunikasyon sa pangkat ng suporta ng mag-aaral, guro ng klase at guro ng paksa ng paaralan para maunawaan ang pag-aaral ng anak mo sa paaralan at talakayin ang naaangkop na mga diskarte sa suporta sa kanila kung kinakailangan

Tulungan ang anak mo na magkaroon ng magandang gawi at pamamaraan sa pag-aaral

- Pahusayin ang kanyang mga kakayahan sa pagbabasa at pagsulat sa pamamagitan ng multi-sensory approach, pagtuturo sa kanya ng tahasang mga diskarte sa pag-decode ng salita, pagpapares-pagbasa kasama niya, pang-araw-araw na pagsasanay sa pagbabasa at pagbabaybay/pagdidikta ng salita (mga 15 minuto bawat araw), paggamit ng interactive na software na pang-edukasyon atbp.
- Tulungan ang anak mo na maunawaan ang layunin ng mga kaluwagan sa pagtatasa at hikayatin siyang ibahagi ang kanyang mga pananaw sa mga guro sa proseso ng paggawa ng desisyon

Gabayan ang anak mo na harapin ang mga hamon sa pag-aaral nang may pag-iisip para sa paglago

- Bantayan sa anumang senyales ng stress sa pang-araw-araw na buhay at pag-aaral na maaaring magkaroon ang anak mo dahil kailangan niya ng dagdag na oras para pagsama-samahin ang mga natutunan, at tulungan ang anak mo na malaman ang mga paraan para malampasan ang mga paghihirap.
- Gabayan at hikayatin ang anak mo nang may pasensya. Magbigay ng higit na pagkilala at positibong feedback sa pagsisikap at mahusay na pagganap ng iyong anak; at hikayatin ang anak mo na harapin ang kabiguan nang may optimistiko at positibong saloobin at ituring ang mga sagabal bilang karanasan ng paglaki at pagkatuto

Hikayatin ang anak mo na paunlarin ang kanilang potensyal at planuhin ang kanyang buhay

- Ipaalam sa anak mo na maraming tao na may SpLD sa pagbabasa at pagsusulat ang maaaring gumawa ng mga natatanging tagumpay sa kanilang karera sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang mga talento, tulad ng mahusay na kakayahang sa visual space, multi-dimensional na pag-iisip, natatanging mga pananaw sa paglutas ng problema, atbp.
- Hikayatin ang anak mo na lumahok sa iba't ibang mga extra-curricular na gawain para matulungan siyang maunawaan at mapaunlad ang kanyang mga interes at potensyal at mapahusay ang kanyang pag-unawa sa tagumpay at tiwala sa sarili
- Maging bukas ang isipan habang tinatalakay ang karagdagang pag-aaral kasama ang anak mo, tulungan siyang makakuha ng impormasyong kailangan at tuklasin ang mga pagkakataon at suportahan ang anak mo na planuhin ang kanyang buhay ayon sa kanyang sariling mga interes, lakas at adhikain

Maagang Pagkilala

- Karaniwang kinukumpleto ng mga guro sa mga paaralang pampublikong sektor ang mga checklist ng screening para sa mga mag-aaral sa Primary One na

pinaghihinalaang may kahirapan sa pag-aaral sa pagitan ng Disyembre at Enero bawat taon para maisaayos ang maagang pamamagitan para sa mga estudyanteng nahihirapan. Batay sa pagganap ng pagkatuto ng mga mag-aaral pagkatapos ng pamamagitan, ang mga may hindi kasiya-siyang pag-unlad o nagpapakita ng matinding kahirapan ay isasangguni sa mga pang-edukasyong psychologist (EP) para sa karagdagang pagtatasa

- Karamihan sa mga mag-aaral na may SpLD sa pagbabasa at pagsusulat ay natukoy sa kanilang mga maagang antas ng primarya. Para sa mga mag-aaral na nagpapakita ng kahirapan sa pagbabasa at pagsusulat pagkaraan nilang umangat sa mas mataas na antas, maaaring gamitin ng mga guro ang checklist ng pag-uugali para suriin ang kanilang mga kahirapan sa pag-aaral, at isangguni sila sa mga EP para sa pagtatasa sa pamamagitan ng kanilang mga coordinator para sa espesyal pangangailangang pang-edukasyon o mga tauhan ng paggabay ng mag-aaral kung kinakailangan

Mga Serbisyo sa Suporta at Diskarte

Sa pangkalahatan, ipinapatupad ng mga paaralan ang tiered intervention model sa pag-aaral at pagtuturo at nagbibigay ng mga serbisyo ng suporta sa mga mag-aaral na may SpLD sa pagbabasa at pagsulat ayon sa kanilang mga pangangailangan:

- Magbigay ng dekalidad na Tier-1 na pagtuturo sa buong klase na may sari-sari at epektibong pamamaraan at mapagkukunan. Tulungan ang mga mag-aaral na buuin ang kanilang mga pangunahing kasanayan sa pagbasa at pagsulat sa pamamagitan ng structured na pagtuturo at mga multi-sensory na pamamaraan ng pagtuturo, pagpapahusay ng kanilang katatasan sa pagbabasa at mastery ng mga epektibong diskarte sa pag-aaral
- Isaayos ang mga diskarte sa pagtuturo at magbigay ng karagdagang suporta ayon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral, tulad ng pagbibigay sa kanila ng karagdagang atensyon at mga tagubilin sa klase, pag-aayos ng suporta para sa kanila mula sa mga peer o boluntaryong magulang
- Magsagawa ng tuluy-tuloy na pagtatasa sa pag-unlad ng pag-aaral ng mga mag-aaral. Magbigay ng maliit na grupo na Tier-2 na suporta sa pag-aaral, o indibidwal na Tier-3 na masusring suporta sa pag-aaral para sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pag-aaral sa kabila ng ginawang pamamagitan
- Gagawa ng mga espesyal na pagsasaayos sa mga eksaminasyon ang mga paaralan alinsunod sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na may SpLD sa pagbabasa at pagsulat, tulad ng pagbibigay ng dagdag na allowance sa oras, pagbibigay ng espesyal na format ng mga papel sa pagsusulit at paggawa ng mga espesyal na pagsasaayos para sa pagsagot sa mga tanong atbp.

Mga Kapaki-pakinabang na Website at Numero ng Telepono para sa Pagtatanong Kawanihan ng Edukasyon

www.edb.gov.hk/en/contact-us/hotline.html

Pangrehiyon na Tanggapan ng Edukasyon ng Hong Kong
(Hong Kong Regional Education Office) 2863 4646
Pangrehiyon na Tanggapan ng Edukasyon ng Kowloon
(Kowloon Regional Education Office) 3698 4108
Pangrehiyon na Tanggapan ng Edukasyon ng New Territories East
(New Territories East Regional Education Office) 2639 4876
Pangrehiyon na Tanggapan ng Edukasyon ng New Territories West

(New Territories West Regional Education Office) 2437 7272
Mga Pangkalahatang Pagtatanong sa Espesyal na Edukasyon
(General Enquiries on Special Education) 3698 3957
Seksyon ng Serbisyo para sa Sikolohiyang Pang-edukasyon
(Educational Psychology Service Section)

- Hong Kong 3695 0486
- Kowloon 3698 4321/ 3907 0949
- New Territories East 3547 2228
- New Territories West 2437 7270

Online na Impormasyon para sa "SENSE" Integrated na Edukasyon at Espesyal na Edukasyon
https://sense.edb.gov.hk/en/index.html

- Impormasyon tungkol sa pagsuporta sa mga mag-aaral na may SpLD
https://sense.edb.gov.hk/en/types-of-special-educational-needs/specific-learning-difficulties/index.html

- "Mga Alituntunin sa Mga Espesyal na Pagsasaayos para sa Panloob na Pagsusulit para sa mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan sa Edukasyon"
https://sense.edb.gov.hk/uploads/page/integrated-education/guidelines/SpecialExamArrangement_20181210_en.pdf

- "Mga Madalas Itanong sa Mga Kaayusan sa Espesyal na Pagsusulit para sa mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan sa Edukasyon"
https://sense.edb.gov.hk/uploads/page/integrated-education/learning-and-teaching/sea_faq_e.pdf

- "Gabay ng Magulang sa Buong Paaralan na Diskarte sa Pinagsamang Edukasyon"
https://sense.edb.gov.hk/uploads/page/integrated-education/guidelines/ieparentguide.pdf

- "Gabay sa Operasyon sa "Buong Paaralan na Diskarte sa Pinagsamang Edukasyon"
https://sense.edb.gov.hk/uploads/page/integrated_education/landing/ie_guide_en.pdf

Kagawaran ng Kalusugan
Serbisyo sa Pagsusuri ng Bata
https://www.dhcas.gov.hk/en/
Serbisyong Pangkalusugan ng Mag-aaral
https://www.studenthealth.gov.hk/eindex.html

Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan
https://www.swd.gov.hk